Katotohanang ako ay sugo ni Allah sa iyo,[upang ipaalam] na Katotohanang si Allah ay iniibig ka,tulad ng pag-ibig mo sa kanya

Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allāh sa kanya-Hadith na Marfu: ((May isang lalaki na bumisita sa kapatid niya sa ibang nayon,Nagtalaga si Allah-pagkataas-taas Niya-sa daan niya ng isang Anghel,at ng dumating siya rito,Nagsabi siya:Saan mo gustong pumunta? Nagsabi siya:Gusto kong pumunta sa kapatid ko sa nayong ito,Nagsabi siya:Mayroon ka bang mga biyayang palalaguhin sa kanya? Nagsabi siya: Wala,maliban sa iniibig ko siya para kay Allah-pagkataas-taas Niya,Nagsabi siya: Katotohanang ako ay sugo ni Allah sa iyo,[upang ipaalam] na Katotohanang si Allah ay iniibig ka,tulad ng pag-ibig mo sa kanya))

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Ipinapaalam ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang tungkol sa isang lalaki mula sa mga naunang Ummah,binisita niya ang kapatid niya sa ibang nayon.Inihanda ni Allah para sa kanya ang isang Anghel,daan niya,mangangalaga sa kanya at magsusubaybay sa kanya-Tinanong siya ng Anghel kung saan siya pupunta?Sinabi niya na siya ay pupunta,upang bisitahin ang kapatid niya sa Allah,sa nayong ito.Tinanong siya ng Anghel,kung siya ba ay pag-aari [alipin mo] o anak mo,o maliban rito mula sa mga taong inoobliga mo para sa kanila ang paggugol mo at pagmamahal mo,o mayroon ka bang magagandang [bagay na] nakukuha sa kanya?Ipinaalam niya sa kanya na:Wala; Subalit iniibig ko siya para sa Allah,at hinahangad ko sa pagbisita ko ang kasiyahan ni Allah,Ipinaalam sa kanya ng Anghel na siya ay Sugo mula kay Allah,upang ipaalam sa kanya na katotohanang si Allah ay iniibig siya tulad ng pag-ibig niya sa kapatid niya para sa Allah

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3136